Nagoyaka Junior High School sa Lungsod ng Nagoya (Panggabing Junior High School)

Para sa pagpasok sa FY 2026

# Mga Kinakailangan sa Pagpasok



## Gusto mo bang mag-aral sa amin sa panggabing junior high school?

Lupon ng Edukasyon sa Lungsod ng Nagoya

◎ Ano ang Nagoyaka Junior High School?

Itinatag ng Lungsod ng Nagoya noong Abril 2025 ang isang panggabing junior high school bilang tugon sa kagustuhang makapag-aral sa paaralang para sa lahat ng tao, anuman ang kanilang nasyonalidad, na hindi nakatapos ng kompulsaryong edukasyon dahil sa iba’t ibang dahilan, o hindi talaga nakapasok sa paaralan dahil sa mga kalagayang gaya ng pagliban o pagtangging pumasok sa paaralan.

Ang "Nagoyaka Junior High School" ay naglalayong maging "paaralan na pinamumunuan ng mga estudyante kung saan iginagalang ang pagkakaiba-iba, pinahahalagahan ang bawat indibiduwal, at lahat ay makakapag-aral nang may kapayapaan ng isip."

## 1. Mga kwapilipikadong pumasok sa Nagoyaka Junior High School

* Kwalipikasyon sa pagpasok

Kwalipikadong pumasok ang mga nakatira sa Lungsod ng Nagoya, lampas na sa edad ng kompulsaryong edukasyon (15 taong gulang) [*1], at tumutugma sa isa sa mga sumusunod na pamantayan.

(1) Mga hindi nakapagtapos ng kompulsaryong edukasyon dahil sa iba't ibang kadahilanan

(2) Mga banyaga na hindi nakapagtapos ng kompulsaryong edukasyon sa kanilang pinagmulang bansa

(3) Mga hindi nakatanggap ng sapat na kompulsaryong edukasyon dahil sa hindi pagpasok sa paaralan o iba pang mga pangyayari

*1. Mga ipinanganak bago ang Abril 1, 2011

* Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na Lupon ng Edukasyon kung nakatira ka sa labas ng Lungsod ng Nagoya.

## 2. Ang pag-aaralan mo

-Pag-aaralan ng mga estudyante ang lahat ng siyam na asignatura (Wikang Hapon, Araling Panlipunan, Matematika, Agham, English, Musika, Sining, Kalusugan at Pisikal na Edukasyon, at Teknolohiya at Araling-Pantahanan) gaya ng ginagawa ng mga estudyante sa karaniwang junior high school. Kasama sa iba pang mga aktibidad ang klase sa Moral na Eduaksyon at mga kaganapan sa paaralan.

-Lisensyadong guro ang magtuturo sa junior high school.

-Pagkatapos makumpleto ang lahat ng mga kurso, maaaring makakuha ng diploma ng junior high school ang mga estudyante.

-Isinasagawa ang mga klase sa wikang Hapon.

-Para sa mga hindi bihasa sa wikang Hapon, maaari namin ilaan ang kailangan nilang suporta sa wikang Hapon para makapasok sa mga klase o makapag-aral ng wikang Hapon sa ibang silid-aralan.

-Hindi maaaring mag-aral ng isa lamang na partikular na asignatura o wikang Hapon.

## 3. Mga araw na may klase, oras ng pag-aaral

-Isinasagawa ang mga klase mula Lunes - Biyernes mula 17:30 - 21:00.

-Bawat klase ay 40 minuto. Mayroon kaming apat na klase sa bawat araw.

-May break ang mga klase.

-May mga bakasyon sa tag-init, taglamig, at tagsibol.

## 4. Pagbiyahe papuntang paaralan

-Dapat bumiyahe ang mga estudyante papunta sa paaralan sa pamamagitan ng paglalakad, pagbibisikleta, o pampasaherong transportasyon (subway, bus, atbp.).

* May mga available na commuter pass na may diskwento para sa mga estudyante.

Malalaman ang impormasyon kung paano bumili sa pagtitipon para sa pagpapaliwanag ukol sa impormasyon (nakaiskedyul sa huling bahagi ng Pebrero).

-Bilang alituntunin, hindi pinapayagan ang mga estudyante na bumiyahe sa paaralan sa pamamagitan ng kotse o motorsiklo.

## 5. Lokasyon ng Nagoyaka Junior High School

-Address: 4-19-1 Meieki, Nakamura Ward, Nagoya City (sa Sasashima Elementary at Junior High School sa Lungsod ng Nagoya)




-Pampublikong transportasyon:

-3 minutong paglalakad mula sa Exit 4 ng Istasyon ng Kokusai Center sa Subway ng Sakura-dori Line

-10 minutong paglalakad mula sa Exit 5 ng Istasyon ng Nagoya sa Subway ng Higashiyama Line

## 6. Iba pa

-Maaaring pumasok ang mga nagtatrabaho.

-Walang patakaran sa pananamit. Walang uniporme.

-Available ang mga pagkain sa paaralan.

-Libre ang matrikula. Ipamamahagi nang libre ang mga aklat-aralin.

-Maaaring may mga bayarin para sa mga materyales sa pag-aaral, praktikal na pagsasanay, at iba pang mga gastusin na kinakailangan para sa pag-aaral.

-Depende sa pinansyal na kalagayan ng pamilya ng estudyante, maaaring may sistema (suporta para sa panggabing junior high school) na mag-aalis ng mga bayaring ito o magbibigay-daan sa pagsasauli ng pera sa ibang pagkakataon.

-Malalaman ang higit pang mga detalye sa pagtitipon para sa pagpapaliwanag ukol sa impormasyo (nakaiskedyul sa huling bahagi ng Pebrero).

## 7. Proseso hanggang sa pagpasok

(1) Dumalo sa pagtitipon para sa pagpapaliwanag ukol sa impormasyon ng paaralan

-Ipapaliwanag ang tungkol sa panggabing junior high school at mga paraan sa pagpasok.

-Hinihimok na dumalo sa mga pagtitipon para sa pagpapaliwanag ukol sa impormasyon ang mga nagpaplanong pumasok.

-Pagkatapos ng pagtitipon para sa pagpapaliwanag ukol sa impormasyon ng paaralan, puwedeng kumonsulta nang personal ang mga nagnanais nito.

① Mga petsa ng pagtitipon para sa pagpapaliwanag ukol sa impormasyon ng paaralan

*Puwede ka ring mag-obserba ng klase sa ika-1 at ika-3 sesyon

[Unang pagpapaliwanag] Setyembre 17, 2025 (Miy.) 5:30 PM – 7:00 PM

[Ikalawang pagpapaliwanag] Oktubre 4, 2025 (Sab.) 2:00 PM – 3:00 PM

[Ikatlong pagpapaliwanag] Oktubre 24, 2025 (Biy.) 5:30 PM – 7:00 PM

② Lugar

-Nagoyaka Junior High School ng Lungsod ng Nagoya (4-19-1 Meieki, Nakamura Ward, Lungsod ng Nagoya)

③ Paano mag-apply

-Dapat po na mag-apply hanggang 3 araw bago ang napiling petsa ng pagpapaliwanag.

Online na Aplikasyon

Paki-scan ang QR code sa kanan at ilagay ang kinakailangang impormasyon.

[Form sa pagpasok]

Aplikasyon sa pamamagitan ng e-mail, koreo, o telepono

Email: nagoyaka-j@nagoya-c.ed.jp

Koreo: 4-19-1 Meieki, Nakamura Ward, Lungsod ng Nagoya, 450-0002
Nagoyaka Junior High School ng Lungsod ng Nagoya

Telepono: 052-583-1511 (Lunes – Biyernes, 1:30 p.m. – 8:30. p.m.)

* Bukod sa pagtitipon para sa pagpapaliwanag ukol sa paaralan, magkakaroon din ng mga trial lesson.

[Mga trial lesson]
Nobyembre 12 (Miy.) – 14 (Biy.), 2025 5:00 PM – 9:00 PM

Kung gusto mong sumali sa mga trial lesson, tumawag sa Nagoyaka Junior High School.

* Puwede kang mag-apply para sa pagpasok kahit hindi ka nakadalo sa pagtitipon para sa pagpapaliwanag ukol sa paaralan, atbp.

(2) Magsumite ng application form

- Kung gusto mong mag-enroll sa Nagoyaka Junior High School, dapat po munang tumawag sa Nagoyaka Junior High School para sa paliwanag, tapos isumite ang mga kailangang dokumento para makapasok.

① Mga dokumentong isusumite

-Application form

-Mga materyal ng panayam

-Kopya ng sertipiko ng tirahan (1 kopya)

-Sobre para sa pagbabalik (No. 3 na mahabang sobre (120 mm x 235 mm) na may kalakip na label ng address at nakatatak na stamp na 460 yen)

* Makikita ang mga halimbawa kung paano punan ang form sa pahina 5 at 6.

* Maaaring i-download ang mga form at label ng address mula sa opisyal na website ng lungsod. Makukuha rin ang mga ito sa Nagoyaka Junior High School.

[Application form]

② Deadline ng pagsusumite

-Hanggang Biyernes, Disyembre 5, 2025

③ Paraan at address kung saan isusumite

-Isumite sa pamamagitan ng koreo o dalhin ito nang personal

* Puwede ring magsumite ng aplikasyon online.

4-19-1 Meieki, Nakamura Ward, Lungsod ng Nagoya, 450-0002
Nagoyaka Junior High School ng Lungsod ng Nagoya
Para sa: Recruitment officer ng estudyante

* Kung ipapadala mo ang aplikasyon sa pamamagitan ng koreo, pakisumite ito sa pamamagitan ng rehistradong koreo mula sa counter ng post office.

* Pakitandaan na ikaw ang magbabayad sa pagpapadala.

* Kung personal ninyong dadalhin ang mga dokumento, ang oras ay Lunes hanggang Biyernes, 1:30 p.m. hanggang 8:30 p.m.

Maliban lang sa mga pambansang pista-opisyal.

④ Pagbabago ng address o contact information

- Kung magbago ang iyong address o contact information pagkatapos isumite ang application form, dapat po na makipag-ugnayan agad sa Nagoyaka Junior High School sa pamamagitan ng telepono o e-mail.

Telepono: 052-583-1511 (Lunes – Biyernes, 1:30 p.m. – 8:30. p.m.)
Email: nagoyaka-j@nagoya-c.ed.jp

(3) Dumalo sa indibiduwal na panayam

① Lugar

-4-19-1 Meieki, Nakamura Ward, Lungsod ng Nagoya
Nagoyaka Junior High School ng Lungsod ng Nagoya

② Panahon ng Pagpapatupad

-Oktubre 6, 2025 (Lunes)-Disyembre 26, 2025 (Biyernes)

③ Paraan ng panayam

-Magsasagawa ng 30 minutong indibiduwal na panayam.

④ Mga pangunahing katanungan

-Nakaraang kasaysayan ng pag-aaral
-Dahilan ng aplikasyon para sa pagpasok
-Kalagayan ng kalusugan
-Mga paraan ng pagbiyahe
-Iba pang indibiduwal na pangyayari at mga layunin pagkatapos ng pagpasok, atbp.

⑤ Abiso ng mga panayam

-Tatawag ang Nagoyaka Junior High School sa inyo upang ipaalam ang petsa at oras ng panayam.

<u>* Para sa mga banyaga, hihingin namin na ipakita ninyo ang inyong residence card sa panahon ng panayam.</u>

(4) Pagpapasya ukol sa pagpasok

-Ipapadala sa koreo ang mga resulta ng pagpasok sa Enero 2026.

- Naka-iskedyul ang isang pagtitipon para sa pagpapaliwanag ukol sa pagpasok sa huling bahagi ng Pebrero.


## 8. Mga Paalala

-Kung may pagkakaiba sa pagitan ng mga isinumiteng dokumento at aktwal na nilalaman ng panayam, maaaring maulit ang panayam.

-Kung hindi ka sigurado tungkol sa pagpasok, pakitawagan kami para sa konsultasyon.

## 9. Mga halimbawa sa pagpuno ng submission form

[Application Form]



Punan ang form sa wikang Hapon o mga titk ng alpabeto.

(Kalakip na Form)

Halimbawa

| Pupunan ng paaralan | |
|---|---|

Huwag punan ang bahaging ito.

**Application Form**

Petsa: Buwan Araw, Taon

Ilagay ang petsa kung kailan pinunan ang aplikasyon.

(Para sa) Punong-guro ng Nagoyaka Junio[r High School]

Nais kong pumasok sa Nagoyaka Junior High School sa Lungsod ng Nagoya

| Aplikante | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ~~(Furigana)~~ | | | [Photo] 4 cm ang taas x 3 cm ang lapad Dapat isang larawan na malinaw na nagpapakita ng buong mukha Dapat kuha sa loob ng 3 buwan |
| | Pangalan | Nagoya Hanako | | |
| | Petsa ng kapanganakan | (Edad: ) | | |
| | Address | Zip code: ●●●－●●●● Nagoyashi ●●ku ●● ●－●－● , Aichi Prefecture | | |
| | Contact info | (Numero ng telepono) ○○○－○○○○－○○○○ (Email Address) ○○○○@○○○○. ○○○○.jp | | |
| | Nasyonalidad | Nihon | Baitang na nais mong pasukan | Baitang: 1 |

Kailangan ding punan ng mga menor de edad na aplikante ang seksyon na "Magulang/Tagapag-alaga" sa ibaba.

| Magulang/Tagapag-alaga | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | (Furigana) Pangalan | Nagoya Tarou | | |
| | Address | Zip code: Onaji , Aichi Prefecture | | |
| | Contact info (Numero ng telepono) | ○○○－○○○○－○○○○ | Kaugnayan sa aplikante | Papa |

Kung ang kasalukuyang address ay pareho sa address ng aplikante, pakisulat ang "Onaji"

*Pagkumpirma bago isumite: □Kopya ng Sertipiko ng Tirahan*

Kumpirmahin bago isumite at lagyan ng tsek pagkatapos ilagay sa sobre.

## [Mga materyal ng panayam]

Halimbawa

| Pupunan ng paaralan | |
|---|---|

Huwag punan ang bahaging ito.

### Mga Materyal ng Panayam

| Aplikante | | |
|---|---|---|
| | ~~Furigana~~ | |
| | Pangalan | Nagoya Hanako |

1. Dahilan ng aplikasyon para sa pagpasok * Pakilagyan ng bilog "○" ang mga dahilan na naaangkop.

Maaari mong lagyan ng bilog "○" ang lahat ng dahilan na naaangkop.↓

| | |
|---|---|
| Hindi ako nagtapos ng junior high school | |
| Hindi ako natuto nang mabuti sa junior high school<br>-Pangalan ng junior high school kung saan ka nagtapos<br>( )<br>-Petsa ng pagtatapos (Buwan /Taon ) | ○ |
| Gusto kong mag-aral sa high school | ○ |
| Gusto kong magamit ang edukasyong pinag-aralan ko sa aking trabaho at buhay | |
| Gusto kong matuto ng wikang Hapon | |
| Gusto kong matuto kung paano magbasa at magsulat | |
| Iba pa * Pakisulat kung mayroon kang idadagdag. | |

2. Lugar ng pinagtatrabahuhan ng aplikante * Para lamang sa mga nagtatrabaho

| | |
|---|---|
| Pangalan ng iyong lugar ng trabaho | |
| Address ng iyong lugar ng trabaho | |
| Numero ng telepono ng iyong lugar ng trabaho | |

3. Anong wika ang ginagamit mo kapag nagsasalita?

Nihon、Tagalog

4. Kakayahan sa wikang Hapon, atbp.

(1) Mayroon ka bang problema sa pagbabasa at pagsusulat ng wikang Hapon?

* Maaari mong lagyan ng bilog "○" ang lahat ng naaangkop. ↓

| | |
|---|---|
| Wala | |
| Kaunti | ○ |
| Marami | |

(2) Kung "kaunti" o "marami" ang isinagot mo sa (1), sabihin sa amin ang kakayahan mo sa wikang Hapon. * Pakibilugan ang lahat ng naaangkop.

| | | |
|---|---|---|
| Pagbabasa | Hiragana | (Mahusay) · May kaunting alam · Hindi marunong |
| | Kanji | Mahusay · (May kaunting alam) · Hindi marunong |
| Pagsusulat | Hiragana | Mahusay · (May kaunting alam) · Hindi marunong |
| | Kanji | Mahusay · May kaunting alam · (Hindi marunong) |
| Pagsasalita | | (Mahusay) · May kaunting alam · Hindi marunong |
| Pakikinig | | Mahusay · (May kaunting alam) · Hindi marunong |
| Antas ng Japanese Language Proficiency Test (JLPT) | | (N5) N4 · N3 · N2 · N1 · Wala |

Kung hindi mo pa nasusubukan ang JLPT, pakibilugan ang "Wala."

5. Kung may nais kang ipa... a tungkol sa paaralan, pakisu...

-Kapag kinakailangan ang konsiderasyon dahil sa sakit o kapansanan
-Panahon kung kailan hindi nakapasok ang estudyante sa paaralan dahil sa hindi pagpasok o iba pang mga pangyayari, atbp.
-Iba pa * Kung wala nang iba, hindi mo na kailangang punan ito.

## [Label ng sobre para sa pagtugon]

460 円分の切手を重ねずに貼ってください。

枠内に貼れない場合は、はみ出しても構いません。

●●●-●●●●

志願者の住所: Nagoyashi●●ku●●1-●-◆

志願者の名前: Nagoya Hanako

簡易書留

〒450-0002
名古屋市中村区名駅四丁目１９－１
名古屋市立なごやか中学校（夜間中学）
電話：052-583-1511

## [Label ng sobre para sa aplikasyon]

必ず、郵便局の窓口で郵送料(切手代)を確認し、簡易書留で送付してください。

切手が枠内に貼れない場合は、はみ出しても構いません。

4 5 0-0 0 0 2

名古屋市中村区
名駅四丁目１９番１号

名古屋市立
なごやか中学校（夜間中学）
生徒募集担当　行

簡易書留

Huwag punan ang bahaging ito.

| 引受番号　※郵便局が記載 |
|---|
| |

| | |
|---|---|
| 志願者住所 | 〒●●●-●●●●<br>Nagoyashi●●ku●●1-●-◆ |
| 志願者氏名 | Nagoya Hanako |

| | Mga dokumentong isasama | | Check column |
|---|---|---|---|
| ① | Application form | Lahat ng aplikante | ✓ |
| ② | Mga materyal ng panayam | Lahat ng aplikante | ✓ |
| ③ | Sertipiko ng tirahan (1 kopya) | Lahat ng aplikante | ✓ |
| ④ | Sobre para sa pagbabalik (1 kopya)<br>* Lagyan ng selyo na nagkakahalaga ng 460 yen ang sobre | Lahat ng aplikante | ✓ |

Kapag nailagay mo na ito sa sobre, lagyan ng tsek ang check column.

[ Makipag-ugnayan sa amin]

Nagoyaka Junior High School ng Lungsod ng Nagoya (Panggabing Paaralan)

4-19-1 Meieki, Nakamura Ward, Lungsod ng Nagoya, 450-0002

Telepono: 052-583-1511

Lunes – Biyernes, 1:30 p.m. – 8:30. p.m.

(hindi kasama ang pambansang pista opisyal)


Fax: 052-583-1512

Email: nagoyaka-j@nagoya-c.ed.jp

Website: https://nagoya.fureai-cloud.jp/nagoyaka-j/

Nagoyaka Junior High School website

<Mapa ng Nagoyaka Junior High School ng Lungsod ng Nagoya (Panggabing Paaralan)>




Pampublikong transportasyon

-3 minutong paglalakad mula sa Exit 4 ng Istasyon ng Kokusai Center sa Subway ng Sakura-dori Line

-10 minutong paglalakad mula sa Exit 5 ng Istasyon ng Nagoya sa Subway ng Higashiyama Line

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa panggabing junior high school sa Nagoya, pakitingnan ang opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya.

＜Makipag-ugnayan sa amin＞

Lupon ng Edukasyon sa Lungsod ng Nagoya Seksyon ng Promosyon para sa Pagpapaunlad ng Paaralan

Telepono: 052-253-7937

Lunes - Biyernes 9:00-17:00

(maliban sa mga pambansang pistal-opisyal)

Opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya